
# Hindi lahat ng “dulong” ay dulong...



*Pangkaraniwang ginagamit ang tawag na “dulong” sa mga maliliit na isda na nahuhuli sa tubig tabang at tubig alat. Kalat ito sa buong Pilipinas subalit marami pa tayong hindi alam tungkol sa kanila. Sa tulong ng mga lokal ng San Juan, Batangas, pinag-aaralan ng Conservation International ang mga hinuhuling “dulong” sa San Juan para masagot ang matagal nang mga katanungan ukol dito.*


### Bakit kailangan pag-aralan?

Kung lumalaki pa ang mga isdang “dulong”, ang sobrang paghuli sa kanila ay maaring makapekto sa kabuuang populasyon nito. Bababa ang bilang ng mga lumalaking “dulong” at maaring maging sanhi ng biglaang pagkaubos dahil hindi na sila nakakalaki at nakakapanganak. Sa paggamit ng “fine mesh net”, maari din na nasasama ang ibang uri ng isda (halimbawa: isdang bato) na makakaapekto din sa populasyon nila. Kailangan pag-aralan ang “dulong” para hindi mauwi sa biglaang pagkaubos nila.



### Anu-anong isda ang dulong?

Sa tulong ng mga dalubhasa sa mga semilya ng isda, napag-alaman na may tatlong grupo ng isda na bumubuo sa tinatawag na “dulong”:




*Photos by: DM Estremadura*

**Karamihan sa tinatawag na “dulong” sa San Juan ay binubuo ng mga dilis at sardinas na sobrang liit pa. Sa kabilang banda, mga “goby” o biya ang “dulong” na nahuhuli sa Laguna de Bay. Ang mga “goby” and kadalasan na tinutukoy na tunay na “dulong” dahil kahit maliit, nakakapangitlog na sila.**

## Lumalaki pa ba ang "dulong"?




Sa pamamagitan ng pagkumpara sa mga malalaking isdang nahuhuli sa tubig ng San Juan, nakagawa ang WorldFish Center ng gabay kung anu-ano kaya ang maaring maging itsura ng "dulong" ng San Juan kapag lumaki.


Para malaman kung sadyang maliit lang ba ang dulong o lumalaki pa ito, naglagay ang CI-Philippines at Municipal Agriculture Office ng San Juan ng isang maliit na fish cage sa Brgy. Imelda. Maglalagay dito ng mga "dulong" at i-momonitor para masagot ang tanong kung lumalaki pa ba ang mga "dulong". Maari itong bisitahin ng kahit sino para makita kung anong klaseng isda at hanggang gaano kalaki lumalaki ang "dulong".








Sa ibaba tinutukoy ang mga posibleng itsura ng "dulong" sa San Juan, Batangas kapag lumaki. Batay ito sa kung ano ang mga matatandang isda na nahuhuli sa San Juan.




Marami pa ang kailangan pag-aralan tungkol sa "dulong". Sa kasalukuyan, hinuhuli ang "dulong" sa buong Pilipinas. Kinakailangan ang patuloy na pagsusuri para malaman ang posibleng epekto ng paghuhuli at paraan ng paghuhuli sa populasyon ng mga isdang ito at sa iba pang isda na nakaugnay sa kanila.


Conservation International - Philippines
No. 6 Maalalahanin Street, Teachers' Village, Diliman, Quezon City 1101, Philippines
(Tel. No. +632 924 8235; Fax No. +632 435 6446)
http://www.conservation.org/ and http://www.uscti.org/